JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban


SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 2:

# Kultura Ko, Ipagmalaki Kong Tunay



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



## Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Mahilig ka bang umawit o makinig ng mga awit? Sinasabing musika ang wika ng puso. Iba man ang salitang ginagamit, nauunawan pa rin ng mga tao ang damdaming hatid ng isang himig. May alam ka bang katutubong awitin?

Ang sinaunang kultura ng mga Pilipino ay mayaman sa mga awitin. May awit para sa pagsamba, sa pagtatanim o pangangaso, panliligaw, pagpapakasal, maging sa pakikipaglaban at paglisan.

Sa modyul na ito, iyong matutuhan ang kahalagahan ng mga pamanang kulturang di-materyal tulad ng mga magagandang kaugalian, pagpapahalaga sa nakatatanda.

Layunin ng modyul na ito ay ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito.

1. Naipagmalaki ang mga katutubong awit, salawikain at bugtong.
2. Naipamalas ang mga kagandahang asal at pagpapahalaga sa mga nakatatanda.

**EsP4IIIa-b-19**

| Modyul 2 | Kultura ko, Ipinagmamalaki kong Tunay |
|---|---|




# Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang "kultura ng Ating Lahi, Ating Pahalagahan.". Sa modyul na ito, inaasahang mas mapapalalim pa ang kabuluhan ng ating kultura na dapat nating ipagmamalaki sa ating kapwa.

Gawain:

Isulat sa maliit na hugis bilog ang angkop na halimbawa ng mga material na kulturang Pilipino. Isulat lamang ang bilang ng halimbawa sa hugis bilog. Idugtong ang maliit na bilog sa kinabibilangang malaking bilog.




| | |
|---|---|
| 1.tumbang preso | 9. Ang Pagong at Matsing |
| 2. aratilis | 10. Tinikling |
| 3.Pandango sa Ilaw | 11. maruya |
| 4. sungka | 12. patintero |
| 5. Ang Alamat ng Lansones | 13. Sa Ugoy ng Duyan |
| 6. Cariñosa | 14. Ibong Adarna |
| 7. adobo | 15. Anak |
| 8. kamatsile | |



## Tuklasin

**Tandaan:**

Likas sa mga tao ang ipahayag ang kanilang mga obserbasyon, saloobin, pananaw at karanasan sa pamamamagitan ng panitikan, ang sining na pagsulat. Ang mga kwento, tula, sanaysay, mga tulang nilapatan ng himig at maging awit, at mga salawikaing nalikha bago pa man dumating ang mga Espanyol ay nagpapatunay na ang ating mga ninuno ay may mayamang panitikan. Ang mga alamat ay ang nagpapaliwanag sa atin ng maaring pinagmulan ng mga lugar, hayop, halaman, o bagay.

Samantala, ang mga pabula na ginagamit ng mga hayop bilang mga tauhan ay naglalahad ng mahahalagang aral at katotohanang nagsisilbing gabay sa ating pamumuhay.

Ang mg awiting Pilipino ay naglalarawan ng mga saloobin ng mga Pilipino sa buhay. Ang bugtong na lubhang mapanghamon sa ating isip dahil sa matalinghang nitong anyo ay isang pagpapatunay na ang ating mga ninuno ay may malalim na pag-iisip at malikhaing imahinasyon. Ang ating mga salawikain ay nagpapakita ng marubdob na pagnanais ng ating mga ninuno na mamuhay nag matuwid, mapayapa, at may kaayusan.

Bilang mga Pilipino, makatutulong sa pag-uunawa sa ating pinagmulan ang ating sining at panitikan. Sa bawat kuwentong naisusulat, tulang nabibigkas, at awiting pumapailanlang, higit na tumingkad ang ating kultura at higit na nauunawaan natin ang mga kaganapan sa ating lipunan. Ang mga likhang-sining tulad ng mga igunuhit na larawan , mga gawang lilok, at mga dekorasyon ay sumasalamin din sa ating mga pinagdaanan, kinaharap , at mga pangarap.



## Suriin

**Panuto:** Sa bahaging ito, mapag-aralan mo ang isang katutubong awit na **Dandansoy.** Ang Dandansoy ay isang popular na himig ng mga Ilonggo. Inaawit din ito bilang oyayi o kanta sa pagpapatulog ng sanggol.

**Dandansoy**

Dandansoy, bayaan ta icao
Pauil aco sa Payao
Ugaling con icao hidlauon
Ang Payaw imo lang lantauon

Dandansoy, con imo apason
Bisan tubig di magbalon
Ugaling con icao uhauon
Sa dalan magbobonbobon.

Convent, diin ang cura?
Municipio, diin justicia?
Yari si dansoy maqueja.
Maqueja sa paghigugma

Ang panyo mo cag panyo co
Dala diri cay tambijon co
Ugaling con magcasilo
Bana ta icao, asawa moa co.

Mas mapapalalim ang iyong pang-unawa sa awit na Dandansoy sa itaas sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na katanungan.

1. Ano sa palagay mo ang damdaming inilalarawan sa awit?
2. Ano kaya ang ibig sabihin ng Dandansoy?
3. Ano sa palagay mo ang mensahe ng awit?
4. Sa iyong palagay, anong katangian ng mga Bisaya ang ipinapakita ng awiting ito na masasabi nating sumasalamin sa mga Pilipino?
5. May alam ka pa bang ibang katutubong awitin na nagpapakita ng kaugaliang Pilipino? Anong kaugalian ang ipinakikita nito?



# Pagyamanin

**Pagtatasa 1**

Panuto: Kompletuhin mo ng mga salawikain. Punan ng titik ang bawat hugis upang mabuo ang sagot.

1.Ubos-ubos ang biyaya, pagkaubos

n a

2.Lumilipas ang kagandahan ngunit di ang

b a

3. Ang nagugutom pakainin, ang nauuhaw

p i

4. Ako ang nagsaing , iba ang

u n

5. Ang panalo ay sakali, ang pagkatao ay

g

**Pagtatasa 2**

**Panuto:** Hulaan ang tinutukoy sa bawat bugtong sa pamamagitan ng pagbuo ng tamang salita.

1. Dalawang bolang itim, malayo ang nararating.

| atam | |
|---|---|

2. Limang puno ng niyog , ang isa'y matayog.

| alidir | |
|---|---|

3. Naligo ang kapitan , hindi nabasa ang tiyan.

| aknab | |
|---|---|

4. Ate mo, ate ko, ate ng lahat ng tao

| tias | |
|---|---|

5. Hindi tao, hindi ibon, bumabalik pag itapon.

| oyoy | |
|---|---|



## Isaisip

**Panuto:** Sumulat ng isang talata tungkol sa isang programang pampaaralan na nagtataguyod ng kulturang Pilipino.

# Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Nilalaman | **Malinaw** na naipahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **Lahat** ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | **Hindi masyadong malinaw ngunit may punto** ang pahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **1-2 sa mga pangungusap na ginamit ang hindi malinaw** | **Malayo** sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | **Mahusay** ang pagkakasulat ng talata. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May **panimula, katawan** at **konklusyon.** | **Maayos** ang pagkakasulat ng talata. **1** sa **3** bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto | **Hindi maayos** ang pagkakasulat ng talata. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |

## Isagawa

**Panuto:** Sa awiting “Sa Ugoy ng Duyan” paano mo mailalarawan ang isang ina sa kanyang anak?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________
__

______________________________________________________________
_.

### Sa Ugoy ng Duyan



Sana’y di magmaliw ang dati kong araw
Nang, munti pang bata sa piling ni nanay
Nais kong maulit ang awit ni inang mahal
Awit ng pag-ibig habang ako’y nasa duyan

Sa aking pagtulog na labis ang himbing,
Ang bantay ko’y tala, ang tanod ko’y bituin,
Sa piling ni nanay langit ang buhay,
Puso kong may dusa,
Sabik sa ugoy ng duyan.

Coda:
Nais kong matulog
Sa dating duyan ko inay
O,Inay…..



## Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at bilugan.

1. Ito ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na nakagawian ng tao. Kabilang dito ang sining, wika, musika, at panitikan.
   A..Kultura C. Kasabihan
   B.Pamana D. kagandahan
2. Bakit mahalaga na matutunan ng ating mga kabataan ang ating kultura?
   A.Upang maging isang magalang at matalino.
   B. Upang magamit nila ito at maisalin sa sumusunod na henerasyon.
   C. Upang paglaki nila ay marami silang natutunan.
   D.Upang maaliw ang kabataan.
3. Dapat ba nating ipagmamalaki ang kulturang kinagisnan?
   A.Hindi na kailangan
   B. Hindi ko kinagisnan
   C. Oo ,dapat nating itong ipagmamalaki
   D.Hindi pansinin
4. Ito ay may hatid na aral o katotohanang magagamit gabay sa ating buhay.
   A. Bugtong B.salawikain C. kultura D. pamana
5. Tinatawag itong matalinghagang paglalarawan ng mga bagay na ang pangunahing layunin ay hamunin o patalasin ang ating isipan.
   A. Bugtong B. salawikain C.kultura D. paman
6. Ito ay isang popular na himig ng mga Ilonggo na inaawit din ito bilang oyayi o kanta sa pagpapatulog ng sanggol.
   A.Dandansoy C. Kwento
   B. Sa Ugoy ng Duyan D. Tula
7. Sana'y di magmaliw ang dati kong araw, nang munti pang bata sa piling ni nanay. Anong katutubong awiting ito ?
   A.Dandansoy C. Kwento
   B.Sa Ugoy ng Duyan D. Tula
8. Ito ay naglalaran ng mga saloobin ng mga Pilipino sa buhay.
   A.Awiting Pilipino B.Tula C. Pabula D. Sining
9. Ito ay nagpapaliwanag sa atin ang pinagmulan ng mga lugar, hayop, halaman, o bagay.
   A.Tula B .Pabula C. Alamat D. KwentO
10. Ang mga________ na gumagamit ng mga hayop bilang mga tauhan ay naglalahad ng mahahalagang aral at katotohanang nagsisisilbing gabay sa ating pamumuhay.
    A. Kwento B. Alamat C. Tula D. Pabu



## Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

**Sayaw:** Pandango sa Ilaw, Carinosa, Tinikling

**Pagkain:** Adobo, Kamatsile, maruya

**Laro:** Tumbang Preso, sungka

**Awit:** Aratilis, Sa Ugoy ng Duyan

**Kwento:** Ang Pagong at Matsing, Ibong Adarna

**Pagyamanin:**

**Pagtatasa 1:**

1. Nakatunganga
2. Kabaitan
3. Painumin
4. Kumain
5. Lagi

**Pagtatasa 2:**

1. mata
2. daliri
3. banka
4. atis
5. Yoyo

**Tayahin:**

**1.A 2. B 3. C 4. A 5. b**

**6. A 7. B 8. A 9. C 10. D**

## Sanggunian


Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Kagamitan ng Mag-aaral, Batayang Aklat, 181-193



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** **RUTH O. BAGALANDO**
Teacher III, Sta. Lucia Central Elementary School
District 2, Division of Pagadian City

**Editors/QA:** **JUANITO N. CANTILA JR., EdD**
OIC – PSDS, District 14

**Tagasuri:**

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:**

**Tagapamahala:**

**DANNY B. CORDOVA, EdD, CESO VI**
OIC Schools Division Superintendent

**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent

**MARIA DIOSA Z. PERALTA**
CID, CHIEF

**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**
EPS-LRMDS

**JOVITA S. DUGENIA**
EPS-EsP

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free

With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons,
Boholanos,
Ilongos,

All of them are proud and true
Region IX our Eden Land
Region IX our Eden Land

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed
That I was walking along the beach
with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets
of footprints – one belong to me and
the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I
noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why?
Why did you leave me when I am sad
and helpless?"

And the LORD replied "My son, My
Son, I have never left you. There was
only one (1) set of footprints in the
sand, because it was then that I

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing
breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.